

Aklat na Gabay at Buhay-Paaralan sa Japan

(Edisyong Pang-Elementarya at Pang-Mataas na Paaralan)

Tagalog

(フィリピン語版)



Lupon ng Edukasyon ng Tottori Prefectural

Talaan ng mga Nilalaman

Paggamit ng Aklat na gabay	1
1 Sistema ng paaralan sa Japan	2
(1) Pre-school Edukasyon	2
(2) Edukasyon Pangelementarya at Junior High School	2
(3) Mataas na Edukasyon	2
2 Mga Pamamaraan para sa pagsimula ng Paaralan	4
3 Mga Nilalaman ng Edukasyon	4
(1) Kurikulum	4
(2) Mga ibang pang Gawain sa Edukasyon	5
4 Pagsulong sa Mas-Mataas na Grado at Mas-Mataas na Antas ng Paaralan	5
5 Mga Gastusin sa Paaralan	5
6 Tulong Pinansiyal	6
(1) Tulong Pinansiyal sa (Elementarya at Junior High)	6
(2) [Maging Sanggunian.] Iskolarsip at Bawas Matrikula sa mga Mataas na Paaralan at Unibersidad.)	6
7 Mga Pangunahing Kaganapan sa Paaralan	7
8 Isang araw sa Paaralan	9
9 Mga Alituntunin sa Paaralan	10
10 Pagpapakilala sa Paaralan (Paaralang Elementarya)	12
(1) Pagpasok at Pag-uwi mula sa Paaralan	12
(2) Itinalagang Klase at Guro	12
(3) Kung ano ang Isusuot at Dadalhin	12
(4) Tanghalian sa Paaralan	14
(5) Paglilinis ng Paaralan	14
(6) Pagbabayad ng mga Bayarin sa Paaralan	14
(7) Mga Dokumentong Kailangan mong Isumite	14
(8) Edukasyong Pang-Elementarya	14
(9) Talaorasan ng Paaralan	15
(10) Iskedyul ng Klase	15
(11) Pagpapabatid sa Paaralan	16
11 Pagpapakilala sa Paaralang (Junior High School)	17
(1) Pagpasok sa Paaralan	17
(2) Pagsakay papunta sa Paaralan	17
(3) Pag-alis sa Paaralan	17
(4) Itinalagang Klase at Guro	17
(5) Kung ano ang Isusuot at Dadalhin	17
(6) Tanghalian	19

(7) Paglilinis ng Paaralan	19
(8) Pagbabayad ng mga Bayarin sa Paaralan	19
(9) Mga Dokumentong kailangan mong Isumete	19
(10) Talaorasan ng Paaralan	19
(11) Mga Asignatura at Talaan ng	20
(12) Kung ano ang Buhay sa Paaralan	21
(13) Pagpapabatid sa Paaralan	21
12 Pagsali sa mga Kapisanan sa Paaralan (para sa Junior High)	22
13 Pormularyong Detalye sa Buong Pamilya (<i>Katei Kankyou Hyou</i>)	23
14 Iba pang mga Pormularyo	25
15 Mga Pabatid at mga Pormularyo	26
(1) Pabatid ukol sa Seremonya ng Pagpasok at Pagtatapos	26
(2) Pabatid ukol sa Iskursiyon ng Paaralan at Pagkakampo sa loob ng Paaralan	27
(3) Pabatid ukol sa Pag-aaral sa Labas	28
(4) Pabatid ukol sa Pagbisita sa Bahay	29
(5) Pabatid sa mahabang Bakasyon ng Paaralan	30
(6) Pabatid ukol sa Pagbabayad	31
(7) Pabatid ng Kumperensya ng Magulang at Guro sa rado/Klase At Pagmamasid sa Klase	32
(8) Pabatid ukol sa isang Pagpupulong sa pagitan ng Magulang-Guro	33
(9) Pabatid sa Araw ng Atletika	34
(10) Pabatid sa Kaganapan ng PTA	35
(11) Pagsisiyasat sa Karera/Edukasyon ng Mag-aaral (para sa Junior High)	36
16 Mga Pabatid ukol sa Kalusugan, Mga Palatanungan at mga ulat	37
(1) Konseho sa Panukalang Benepisyo ng Japan Isport Damayan sa Aksidente	37
(2) Palatanungan sa Kalusugan	38
(3) Pabatid sa Medikal na Pagsusuri	40
(4) Mga Resulta ng Pagsusuri sa loob ng Katawan	41
(5) Palatanungan sa Kalusugan ng Ngipin	42
Mga Resulta ng Dental/Oral Checkup at payo sa Pagbisita sa Dentista ng Pamilya	43
(6) Palatanungan sa Pagsusuri at Pagsubok sa Pagkabulag ng Kulay ng Mata	44
Mga Resulta ng Pagsusuri sa Mata	46

(7) Mga Resulta ng Pagsusuri sa Pangingin	47
(8) Palatanungan sa Kalusugan ng Tainga/Ilong/Lalamuna (Para sa Elementarya at Junior High)	48
(9) Mga Resulta ng Pagsusuri sa Tainga/Ilong/Lalamunan	50
(10) Pabatid sa Pagsusuri ng Ihi	51
(11) Pabatid ng Pagbubukod sa Kahilingan: Pahintulot sa Pagpasok sa Paaralan	52
(12) Pagsusuri sa Puso	53
(13) Palatanungan sa Pagsusuri ng Tuberkulosis	54
(14) Pagsisiyasat at Makipanayam sa Pagsusuri ng Tuberkulosis	55
(15) Palatanungan sa Pagsusuri ng Musculoskeletal	56

Aklat na Gabay ng Buhay-Paaralan sa Japan
(Edisyong Pang-Elementarya at Pang-Junior High)
Paggamit ng Aklat na Gabay

1. Ang aklat na gabay na ito ay magagamit sa wikang Ingles pati na rin sa wikang Hapon (Ang Orihinal na publikasyon).

2. Ang mga aklat ng gabay na naisaling-wika ay pinadali upang madaling maintindihan ng hindi mababago ang orihinal na mga kahulugan na hango sa wikang Hapon. Kaya naman, lahat ng mga naisaling-wika ay nababatay sa orihinal na tekestong Hapon .

3. Ang layunin ng aklat ng gabay na ito ay ang makapagbigay sa mga taga pag-alaga/magulang ng mga estudyante na (dumalo sa sapilitang edukasyon) na may impormasyon sa mga kondisyon ng buhay paaralan sa Tottori Prefecture

4. Maari mong i-print ang alinman sa mga pormularyo ng paaralan sa wikang Ingles kung kinakailangan. Sa pamamagitan ng pagsulat sa angkop na petsa at pag-ticking ng may katuturang impormasyon, maari mong isumite ang pormularyo sa iyong paaralan.

5. Gagamitin ang aklat ng gabay na ito bilang pagsasaalang-alang at paggalang sa lahat ng kultura at kaugalian **This**.

1 Sistema ng Paaralan sa Japan

(1) Pre-school na Edukasyon

Ang mga batang wala pa sa tamang edad para pumasok sa elementarya ay maaring pumasok alinman sa isang kindergarten (*Yochien*), daycare center (*Hoikusho* o *Hoikuen*), Gayun pa man, ang panahon ng pagpasok ay mag kaiba sa mga bayan at lungsod. Ang kurikulum ay nababatay sa limang tema, kalusugan, sariling kakayahan, kapaligiran, talasalitaan, at pagpapahayag.

Ang mga Kindergarten ay mga institusyong pang-edukasyon (mga paaralan) na idinisinyo upang tulungan ang mga sanggol at maliliit na bata mula sa 3 taon, hanggang sa edad ng elementarya ay bumuo ng kanilang mga isipan at katawan.

Ang mga Daycare centers ay algaan ng mga sanggol at maliliit na bata na ang mga magulang/tagapag-alaga ay wala sa bahay dahil sa trabaho atbp. At magbibigay ng kinakailangang pangangalaga. Hindi katulad ng Kindergarten, Ang mga daycare center ay may institusyon ng kapakanan na pinagsasama ang pangangalaga ng bata at edukasyon para sa mga batang may edad na 0 hanggang 6. Ang pangangalaga sa mga ay binubuo ng mga gawaing pag-aalaga para sa pananatili ng buhay at emosyonal na katatagan at mga Gawain sa pag-aaral na binatay sa limang tema tulad sa mga kindergarten.

Ang mga itinalagang sentro ng pangangalaga ng bata ay nagbibigay ng komprehensibong pag-aalaga ng bata at suportang pang-edukasyon sa mga bata sa ilalim sa edad ng elementarya, hindi alintana kung ang mga magulang/tagapag-alaga ay nagtatrabaho o hindi. Ang itinalagang sentro ng pangangalaga ng bata ay pinag-samasama ang mga tungkulin ng mga kindergarten at daycare center para sa mga batang may edad na 0 hanggang 6.

(2) Edukasyong Pang-Elementarya at Junior High School

① Papasok ang mga bata sa paaralang elementarya (*Shougakkou*) sa buwan ng Abril kasunod ng kanilang ika-6 na kaarawan. Pagkatapos ng anim na taong pag-aaral, ang mga bata ay magtatapos mula sa elementarya upang pumasok sa junior high school (*Chuugakkou*) para sa kragdagang tatlong ng pag-aaral. Ang mga elementarya at junior high school ay sapilitang edukasyon.

② Ang elementarya at junior high school ay sumusunod sa isang pamantayan o standardisado na pambansang sistema, kung saan ang bawat bata ay tumatanggap ng parehong antas ng edukasyon. Sa pampublikong paaralan walang kinakailangang matrikula at mga aklat-aralin ay binibigay ng libre. Gayunpaman, ang ibang mga materyales ay kailangang bayaran ng mga ng mga magulang/tagapag-alaga.

③ Matapos makumpleto ang sapilitang edukasyon at maipasa ang entrance na pagsusulit ng paaralan, ang bata ay maaring mag-advance sa high school o sa isang vocational technical school. Ang mataas na paaralan ay may pangkalahatang programa, mga programang nagbibigay ng espesyal edukasyong pang-bokasyonal, o/at pinagsamang mga programa na nagpapahintulot sa mga mag aaral na pumili ng mga kurso mula sa ibat ibang klase ng pagpipilian. Magpapatuloy ang pag-aaral sa mataas na paaralan sa loob ng tatlong taon. Ang High school ay nag-aalok ng full-time nap ag-aaral, mga klase sa gabi o/at mga kursong pang- correspondence.

④ Upang suportahan ang kalayaan societal na paglahok ng mga batang may kapansanan, may mga espesyal na paaralan sa edukasyon, pati na rin ang


mga elementary at gitnang paaralan ay may mga programang espesyal na edukasyon. Ang mga paaralan ay nag-aalok ng edukasyon batay sa mga pangangailangan ng mga bata. Ang mga programa sa mga espesyal paaralan ay walang bayad.

(3) Mataas na Edukasyon

Ang mataas na edukasyon ay pangunahing ipinagkakaloob ng mga unibersidad at kolehiyo, at nag-aalok ng mataas na dalubhasang programa. Ang isang karaniwang estudyante sa isang unibersidad inaasahang makakatapos ng kanyang kinukuhang kurso sa loob ng 4 na taon, at ang isang mag-aaral sa koleheyo sa loob ng 2 taon. Ang mas mataas na antas ng edukasyon ay magagamit din sa mga nag tapos na sa paaralan ng (2 hanggang 5 taon).

Dagdag pa rito, may iba pang institusyong edukasyonal na nagkakaloob ng bokasyonal na pagsasanay para sa ibat-ibang mga propesyon na (tumagal ng higit sa 2 taon) .

Sistema Edukasyon sa Paaralan ng Japan



Pinagmulan: "Aklat na Gabay para sa Pagsisimula ng Paaralan," na inilathala sa pamamagitan ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya noong Abril 2015.

2 Mga Pamamaraan para sa Pagsisimula ng Paaralan

- Ang mga pamamaraan para sa mga Dayuhang Estudyante na magpatala sa isang Sapilitang Edukasyon

Ang Magulang/Tagapag-alaga ay kailangang pumunta sa pinakamalapit na tanggapan ng lungsod/bayan/nayon o opisina ng lupon ng edukasyon at magsumite ng isang kahilingang pormularyo para sa kanilang mga anak na dumalo sa isang pampublikong paaralan ng Hapon. Kung nais nilang ipasok ang kanilang mga anak sa isang pribadong paaralan, kailangang direktang makipag-ugnayan sa paaralan at magpatala ng sarili.

[Sanggunian] *"Aklat na Gabaypara sa Pagsisimula ng PaaralanI,"* na Inilathala ng Ministeryo ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiy

http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm

- Klab ng mga bata Pagkatapos ng Paaralan

Ang mga batang nasa una hanggang sa ika-6 na antas ng grado na ang mga magulang/tagapag-alaga ay wala sa tahanan ang mga bata ay maaaring sumali sa klab ng mga bata sa paaralan. Ang klab ng mga bata na ito ay parang bahay na nagbibigay ng isang lugar upang maglaro at magpalipas oras sa kapaligiran na idinisenyo upang matulungan ang maayos na pag-unlad ng mga bata.

Para sa karagdagang impormasyon sa lugar, kontak, mga detalye ng aplikasyon, o mga serbesyo na magamit, mangyaring makipag-ugnay sa inyong lokal tanggapan ng lungsod/bayan/nayon sa inyong lugar.

3 Mga Nilalaman ng Edukasyon

(1) Kurikulum

Ang mga nilalaman o nasasakop ng kung ano ang dapat ituro sa isang paaralan ay nakasaad sa mga alituntunin ng kurikulum na itinakda ng kagawaran ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya. Batay sa mga patnubay, ang mga aktibidada sa paaralan ay nabibilang sa mga sumusunod na kategorya: (a) asignatura (b) eteka (c) mga Gawain sa banyagang wika (d) komprehensibong mga gawain sap ag-aaral at (e) mga espesyal na gawain.

① Mga Asignatura

Ang mga sumusunod na asignatura ay itinuturo sa mga paaralang elementarya: Japanese, Araling Panlipunan, Aritmetika, Agham, Praktikal na aralin, Musika, Sining at Kakayahan, Karunungan Pantahanan, at Pisikal na Edukasyon (PE). Sa mga gawaing Pang-wikang banyaga, Ingles ay karaniwang itinuturo.

Ang mga sumusunod na asignatura ay itinuturo sa mga junior high schools: Japanese, Araling Panlipunan, Matematika, Agham, Musika, Sining, PE, Png-Industriyang Sining at Karunungan Pantahanan, at mga Wikang Banyaga.

② Etika

Ang mga klase sa etika ay inilaan para sa pagpapalago ng kaalaman at pang-unawa sa pagkakakilanlan sa sarili at sa uri ng pamumuhay bilang isang tao, upang mapabuti ang kaisipan, asal, at uri ng paraan ng pamumuhay.

③ Mga Gawain sa Wikang Banyaga

Layunin ng wikang banyaga na mapalalim ang pag-unawa ng mga estudyante sa mga wika at kultura sa pamamagitan ng karanasan. Sa pag-aaral ng mga tunog at pangunahing mga ekspresyon sa mga wikang banyaga, ang mga mag-aaral ay bumuo ng mga pangunahing pundasyon sa aktibong komunikasyon.

④ Komprehensibong Gawain sa Pag-aaral

Komprehensibong mga gawain ay inilaan upang lumampas sa akademikong balangkas sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kalikasan, pagiging kasangkot sa mga boluntaryong gawain, at iba pang mga produktibong gawain. Sa pamamagitan ng pagkuha ng aktuwal na karanasan sa totoong- buhay at lumahok sa mga praktikal na gawain, kung paano matutunan ng mga estudyante ang matutong mag-isip at mapabuti ang kanilang mga ksanayan sa paglutas ng problema at pananaw sa buhay.

⑤ Mga Espesyal na Gawain

Kasama sa mga espesyal na gawain ang mga sumusunod: mga talakayan sa klase, araw ng isports ng paaralan, mga pagdiriwang na musikal, mga karanasan sa trabaho, atbp. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, ang bawat mag-aaral ay maaring bumuo ng kanilang potensyal at mapabuti ang mga kasanayan sa pagtutulungan ng magkakasamang magkaibigan upang makakuha ng isang mas mahusay na saloobin patungo sa buhay.

(2) Iba pang gawain pang-edukasyonal na hindi nabanggit sa (1) ay ang mga sumusunod are:

- Paglilinis
Araw-Araw, sa isang takdang oras, ang mga mag-aaral at mga guro ay sama-samang lilinis ang paaralan. Sa Japan, ang paglilinis ng paaralan ay itinuturing na isang mahalagang bahagi ng edukasyon.
- Pananghalian ng Paaralan
Ang mga paaralan ay nagbibigay ng pananghalian mula lunes hanggang biyernes. Ang pananghalian ay niluluto alinman sa loob o sa labas ng paaralan at kinakain sa oras ng tanghalian sa bawat silid-aralin. Ang mga tungkulin sa paghahanda at paglilinis bago at pagkatapos mananghalian ay nakatoka sa ibat-ibang grupo ng estudyante sa bawat araw. Gayunpaman, ang pananghalian sa paaralan ay hindi ibinibigay kung mayroong mga espesyal na kaganapan sa paaralan o kung ang lungsod o bayan ay hindi makapagbigay sa ganitong serbisyo. Sa ganitong pagkakataon, kailangang magdala ang mga estudyante ng sarili nilang baong tanghalian (*bento*) sa paaralan. Ang mga bayad sa tanghalian ay dapat bayaran ng bawat magulang/tagapag-alaga.
- Mga kaganapan
Maraming mga kaganapang isnasagawa sa buong taon ng pag-aaral gaya ng mga seremonya sa pagpasok, pagtatapos, mga seremonya ng sa pagsimula ng termo at katapusan ng termo, hinihikayat ang mga tagapag-alaga na dumalo at manood ng ilan sa mga ito. Ang mga Magulang/Tagapag-alaga ay kailangang gawin ang kanilang makakaya para makadalo sa mga kaganapan kung sila ay padadaluhin.
- Mga gawain ng Klab
Ang mga mag-aaral ay lumahok sa mga gawain ng klab sa kusang loob na batayan upang makasali sa mga isports, kultura, agham at iba pang edukasyon.

4 Pagsulong sa Mas Mataas na Grado at Mas Mataas na Antas ng mga Paaralan

Sa Japan walang mangyayaring paglakdaw ng grado sa panahon ng sapilitang edukasyon. Mula sa panahon ng pagpasok sa paaralan (o paglipat), ang mga bata ay aakyat sa mas mataas na grado kada taon. Bihira sa mga ang mag-ulit ng grado maliban na lamang kung nagkasakit ng matagal o iba pang matagalang insidente. Kapag nakumpleto na ang sapilitang edukasyon, karaniwang kumukuha ang mga estudyante ng mga pagsusulit sa pagpasok upang makaangat sa mataas na paaralan.

5 Mga Gastos sa Paaralan

(1) Mga Bayarin sa Edukasyon, atbp.

Sa mga pampublikong paaralang elementarya, junior high schools, at espesyal na edukasyong elementarya at gitnang paaralan, ang mga aklat-aralin ay libre. Ang mga bayad sa matrikula at sa mga aklat-aralin ay kinakailangan sa mga mataas na paaralan at mga mataas na paaralan sa espesyal na edukasyon. (Gayunpaman, ang mga Tulong na Matrikula ng Senior High School o Benepisyo ng Scholarship para sa mga studyante ng Senior High School ay maaring magamit depende sa kita ng sambahayan. Ang mga paaralan ng espesyal na edukasyon ay may programang suporta sa pananalapi.) Ang mga pribadong paaralan ng elementarya at junior high school ay nangangailangan ng parehong may bayad matrikula at aklat-aralin .

Bilang karagdagan, ang mga sumusunod pang bagay ay dapat bayaran

ng mga magulang/tagapag-alagasa pamamagitan ng cash, sa direktang pagbabawas sa banko, o sa pamamagitan ng paggawa ng bank transfer sa isang account na itinalaga ng paaralan (Ang mga detalye ng mga paraan ng pagbabayad ay ipagkakaloob ng bawat paaralan): mga materyales sa pagtuturo, bag sa paaralan/sapatos atbp., field trip, iskursiyon, pananghalian ng paaralan, at bayad sa pagiging miyembro ng PTA.*

*Kapag pumasok na ang mga bata sa paaralan, ang kanilang tagapag-alaga ay awtomatikong magiging miyembro ng PTA (Parents & Teachers Association). Ang sa pagiging kasapi ng PTA ay ginagamit upang suportahan ang mga aktibidad sa paaralan at magbigay ng mga aktibidad sa pag-aaral para sa kanilang mga tagapag-alaga.

(2) Tulong Pinansiyal para sa mga Estudyante sa Mataas na Paaralan

Kung sila ay papasok sa pampubliko o pribadong paaralan, mga estudyante ng senior high school, kung karapat-dapat, maaaring iginawad ang mga Benepisyo ng Scholarship para sa mga Senior High School na estudyante upang masakop ang kanilang matrikula. Ang mga pribadong mag-aaral ng high school ay makakakuha ng karagdagang halaga, depende sa kita ng sambahayan. Hindi kinakailangan ang pagbabayad.

Bilang karagdagan, kung karapat-dapat, ang mga studyante mula sa mga kabahayan na mababa kita ay maaaring makatanggap ng tulong na Pang-M aatrikula sa mataas na paaralan upang tulungan sila na magbayad ng mga bayarin sa edukasyon maliban sa kanilang pag-aaral, tulad ng bayarin para sa aklat-aralin, mga materyales sa pagtututro at mga kagamitan sa paaralan. Hindi kinakailangan ang pagbabayad.

6 Tulong Pinansyal

(1) Tulong Pinansyal para sa mga estudyante ng Elementarya at Junior High School

Upang matiyak matatanggap ng mga bata ang edukasyon sa elementarya at mataas na paaralan, mayroong tulong pinansyal para sa mga magulang/tagapag-alaga kung nahihirapan sila sa pera.

Kung nahihirapan kayong magbayad ng mga kagamitan sa pag-aaral, mga gamit, mga gawain sa labas ng paaralan, mga skuriyon sa paaralan o tanghalian, mangyari lamang pong kontakin ang inyong paaralan o ang lupon ng edukasyon sa inyong lugar.

Mayroon ding tulong para sa mga magulang/tagapag-alaga na may mga anak sa pribadong paaralan at mga paaralang elementarya/junior high schools nan aka-attach sa unibersidad.

(2) [Para sa Iyong Sanggunian] Iskolarsip at Bawas Matrikula sa High School at Unibersidadt/Kolehiyo:

May mga scholarship loan program para sa mga mag-aaral ng high school o unibersidad/kolehiyo na nahihirapan sa pinansiyal. Ang mga halaga ng mga scholarship na nakalista dito ay sa April 2016.

① Iskolarsip na pautang na Ipinagkakaloob ng Tottori Prefecture (*Tottori-ken Ikuei Shougaku Shikin*): Iskolarsip na pautang bawat buwan

Mataas na paaralan atbp.	Pampubliko	Pagsakay mula sa bahay	18,000 yen
		Pagsakay mula sa labas ng bahay	23,000 yen
	Pribado	Pagsakay mula sa bahay	30,000 yen
		Pagsakay mula sa labas ng bahay	35,000 yen
Unibersidad/Kolehiyo	Pampubliko		45,000 yen
	Pribado		54,000 yen

* Iyong nagnanais na tumanggap ng mga iskolarsip na pautang ay dapat na mag-aplay sa kani-kanilang mga mataas na paaralan sa pamamagitan ng mga sumusunod na deadline: *sa katapusan ng Abril para sa high school skolarsip; sa katapusan ng Agosto para sa unibersidad/kolehiyo skolarsip. Ang mga Aplikante ay kailangang magsumite ng isang sertipiko ng kita para sa isang skolarsip sa mataas na paaralan. Bawat , isang sertipiko ng kita at transcript ng akademikong rekord, ay dapat isumite para sa unibersidad/kolehiyo skolarsip.*

② Type 1: Walang Interest ang mga Iskolarsip Pautang na Ipinagkakaloob ng Japan Student Services Organization (JASSO): Solarsip na pautang bawat buwan

Mga Teknikal na kolehiyo	Pampubliko	Pagsakay mula sa bahay	21,000 yen
		Pagsakay mula sa labas ng bahay	22,500 yen
	Pribado	Pagsakay mula sa bahay	32,000 yen
		Pagsakay mula sa labas ng bahay	35,000 yen
Universities/Colleges	Pampubliko	Pagsakay mula sa bahay	45,000 yen
		Pagsakay mula sa labas ng bahay	51,000 yen
	Pribado	Pagsakay mula sa bahay	54,000 yen
		Pagsakay mula sa labas ng bahay	64,000 yen

* *Ang isang opsyonal 30,000 yen skolarsip pautang ay maaaring ihalal ng anuman ang mga katagorya sa itaas.I*

* Iyong mga nagnanais na tumanggap ng *JSSO skolarsip ay dapat mag-aplay sa pamamagitan ng kanilang paaralan. Ang mga aplekante ay kailangan na magsumite ng katunayan kita at ng transcript ng akademiko rekord.*

- Diskwento sa Matrikula/Eksemsyon sa pribadong high schools
Ang ilang mga paaralan ay may mga programa sa matrikula eksemsyon. Mangyaring makipag-ugnay sa bawat paaralan para sa mga detalye.

7 Mga pangunahing kaganapan sa paaralan

Ang mga paaralan sa Japan ay nagbubukas sa buwan Abril at nagtatapos sa buwan ng Marso ng sunod na taon. Ang taon ng paaralan ay nahahati sa dalawa o tatlong termo, depende sa bawat lungsod/bayan/nayon.

Ang sumusunod ay listahan ng mga pangunahing gawain o aktibidad sa paaralan. Ang tawag sa kanila at kung kailan ginaganap ang mga ito ay mag kakaiba-iba sa bawat paaralan.

Unang Termo: April to July

*Dalawang-semester ng Paaralan: April to

September)

Pagbubukas ng Seremonya (*Shigyou shiki*) Abril

Nagtitipon-tipon ang mga estudyante bilang palatandaan sa pagpasok ng bagong taon.

Seremonya ng Pagpasok (*Nyuugaku shiki*) April

Ang mga nasa unang grado ay malugod na tinatanggap sa seremonya. Ang mga estudyante at magulang/tagapag-alaga ay karaniwangdumadalo sa seremonya nang nakasuot ng pormal na damit.

Medikal na pagsusuri (*Shintai sokutei*) April to June

Taas ng estudyante', timbang atbp. ay sinusukat bilang karagdagan sa isang medikal na tsek ng isang doktor.

Field Trip (*Ensoku*)

Lumalabas ang mga estudyante sa paaralan upang matutunan ang lokal na kultura, kasaysayn at likas na kapaligiran ng kanilang lugar sa praktikal na pamamaraan.

Pag-oobserba ng klase (*Jugyou sankan*)

Binibisita ng mga magulang/tagapag-alaga ang paaralan ng kanilang mga anak 'upang obserbahan ang klase at makita kung ano ang ginagawa sa paaralan.

Mga Komperensiya ng Magulang at Guro (*Kondan kai*)

Ang mga Magulang/Tagapag-alaga ay nagpapalitan ng mga opinyon at impormasyon sa mga guro. Ang mga komperensiya ay karaniwang gaganapin pagkatapos ng pag-obserba ng klase.

Pagbisita sa Tahanan (*Katei Houmon*)

Binibisita ng homeroom teacher ang tahanan ng bawat estudyante upang makipag-usap sa mga magulang/tagapag-alaga.

Paglangoy (*Suiei*)

Sa tag-araw, ang paglalangoy ay kasama sa pisikal na klase ng edukasyon.

Pribadong Pagpupulong ng Magulang at Guro vate (*Kojin Kondan Kai*)

Nagsasagawa ang guro ng isang pribadong pakikipagtalakayan sa mga

magulan/tagapag-alaga tungkol sa buhay-paaralan ng kanilang anak.

Seremonya para sa Pagtatapos ng o Semestre (*Shuugyou Shiki*) - July
Ededeklara ng paaralan ang pagtatapos ng unang semestre. Magbibigay ng report card ang mga guro sa bawat estudyante.

Summer Holiday (*Natsu Yasumi*) – kalagitnaan-July hanggang sa katapusan ng Agosto

Isang mahabang bakasyon na tatagal ng 30-40 araw.

Pangalawang termino: Setyembre- December

*May dalawang-semester na paaralan: October to March. Kasama na bakasyon kapag taglagas bago pa man masimula ang huling araw ng semestre

Pagbubukas ng seremonya (*Shigyo Shiki*) - Setyembre

Ang mga estudyante ay nagtitipon upang markahan ang pagsisimula ng ikalawang termino.

Araw ng Palakasan (*Undoukai/Taiikutaikai*)

Ang isport at mga aktibidad ay gaganapin para sa mga mag-aaral na lumahok at magsaya sa mga kaklase (tulad ng malayuang pagpapatakbo, relay, mga laro ng bola, at sayawan). Pinapayagan din ng ilang mga paaralan ang mga miyembro ng pamilya na lumahok sa ilang mga gawain Pagsasanay.

Pagsasanay sa Paglikas (*Hinan Kunren*)

Ang mga emergency drills ay isnasagawa sa paghahanda para sa sunog sa lindol at atbp.

Musika at Pagdiriwang sa Paaralan (*Ongaku Kai, Bunka Sai, Gakushu Happyo Kai*)

Pangkat ng manganganta, pangkat ng musikero, teatro, at palabas sa mga gawaing sining o na inihanda at ipapakita ng mga estudyante.

Katapusang seremonya ng semester(*Shuugyou Shiki*) - Disyembre

Pormal na pag-aanunsiyo ng katapusan ng pangalawang termino. Ang mga report card ay ipinamamahagi sa mga mag-aaral.

Bakasyon sa Taglamig (*Fuyu Yasumi*) – katapusan ng Disyembre hanggang sa simula ng Enero

Isang medyo maikling dalawang lingo na pahinga.

Pangatlong Termino: Enero hanggang Marso

Pagbubukas ng Seremonya (*Shigyou Shiki*) – Enero

Ang mga estudyante ay nagtitipon-tipon upang markahan ang simula ng ikatlong termino.

Seremonya ng Pagtatapos (*Sotsugyou Shiki*) - Marso

Ang mga estudyante ay tatanggap ng setipiko ng pagtatapos at binabati. Ang mga magulang/tagapag-alaga ng mga nagtapos na estudyante ay dadalo rin sa seremonya na ito.

Seremonya sa pagtatapos ng taon (*Shuuryou Shiki*) – Marso

Sa seremonya na ito hindi lamang ang papapahayag sa pagtatapos ng pangatlong termino, kundi pati na rin ang katapusan ng buong taong pagpasok. Ang mga report card ay ipinamamahagi sa mag-aaral.

Bakasyon sa Tagsibol (*Haru Yasumi*) – katapusan ng Marso hanggang sa simula

ng Abril

Ang bakasyon sa panahon ng tagsibol ay nagsisimula kaagad pagkatapos na pagtapos ng seremonya para sa katapusan ng taon. Kapag tapos na ang bakasyon na ito, aakyat sa susunod na grado ang mga estudyante. Sabuwan ng Abril ay magsisimula ang isang panibagong taon sap ag-aaral.

[Iba pang mga Pangunahing Kaganapan para sa mga Graders]:

Mga Iskursiyon sa Paaralan (*Shuugaku Ryokou*)

Karaniwan na sa mga estudyanteng nasa ika-6 na taon ng elementarya at ika-3 taon sa junior high. Binibisita nila ang mga kawili-wiling lugar, iniikot ang mga pasilidad, at makakaranas ng mga gawaing sila mismo ang nagsasagawa.

Makaranas sa Pagtatrabaho (*Shokuba Taiken Gakushuu*)

Ito ay para sa mga studyanteng. Nasa ika-2 taon o junior high. Sumasali sila sa mga nagtatrabaho para makaranas ng pagtrabaho sa loob ng isang lingo (sa labas ng paaralan) sa kanilang lokal na komunidad (mga child-care center, mga tindahan, mga kumpanya, atbp.).

Pagsasanay sa loob ng Magdamag (*Shukuhaku Kunren*)

Ang mga estudyante ay mananatili ng magdamag sa isang panloob na pasilidad at makilahok sa mga aktibidad ng grupo.

8 Isang Araw sa Paaralan

[Paaralang Elementarya]

[Paaralang Junior High]

Pagdating sa Paaralan

Pagdating sa Paaralan

(pangkalahatang Pagpupulong sa Umaga): Depende sa bawat paaralan, ang mga estudyante bawat buwan ay nakikinig sa mga pahayag at mga anunsyo ng punong-guro. (Pagpupulong sa umaga sa klase): Tatalakayin ng mga estudyante ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay sa silid-aralan. (Pagbabasa sa Umaga o Pag-aaral ng sarili): Ang ilang paaralan ay nag-aalok ng 10 hanggang 15 minuto ng oras ng pagbabasa, matematika, o kaligrapya bago magsimula ang mga aralin.

Magsisimula na ang Pagtuturo

Magsisimula na ang Pagtuturo

Mga Aralin:

–Karamihan sa mga aralinay tatagal ng 45 minuto.
–4 na aralin ang isinasagawa sa umaga .
–Halos lahat ng mga aralin ay isinasagawa at pinangangasiwaan sa ng paggabay ng guro sa homeroom
–Lahat ng aralin ay isinasagawa sa wikang Hapon.
Gayunpaman, ang mga banyagang wika (Pangunahin sa Ingles) ay ginagamit sa klase sa panahon ng mga gawaing wikang Banyaga.

Mga Aralin:

–Karamihan sa mga aralin ay 50 minuto.
–4 na aralinang isinasagawa sa umaga.
–Para sa bawat paksa ang guro ay naiiba.
–Lahat ng mga paksa (maliban sa klase ng wika) ay isinasagawa sa wikang hapon.

Tanghalian sa Paaralan

Tanghalian sa Paaralan

Kung hindi makapagbigay ng tanghalian ang paaralan, ang mga estudyante ay magdadala ng kanya-kanyang baong tanghalian. Maaring ipaalam sa homeroom teacher kung hindi ka makakain ng tanghalian na galling sa paaralan para sa kalusugan, relihiyon, o anumang ibang dahilan.

Pahinga sa Tanghalian at Paglilinis

–Ang ilang mga paaralan ay naglalaan ng oras ng paglilinis sa pagtatapos ng araw.

Pahinga sa Tanghalian at Paglilinis

Mga Aralin sa Hapon:

–Depende sa araw o grado, isa o dalawa aralin ang pinag-aaralan sa hapon.
–Ang mga aralin ay natatapos sa ibat-ibang oras, depende sa grado at araw ng linggo .
–Ang oras ng pagpapauwi aynagkakaiba-iba kapag ang bawat grado at ang paaralan ay nagdaraos ng ibat-ibang isports at gawain at pagkatapos ng aralin.

Mga Aralin sa Hapon:

**Pagtatapos ng Araw ng Pag-aaral
School Day**

Pagtatapos ng Araw ng Pag-aaral

Mga Kapisanan sa Paaralan: Sa ilalim ng mga pangangasiwa ng mga guro, ang mga mag-aaral ay nakikipag-ugnayan sa mga aktibidad sa isports at kultura pagkatapos ng paaralan.

9 Mga Alituntunin sa Paaralan

Ang mga alituntunin ng paaralan ay ipinatutupad upang ang mga estudyante ay makisali sa mga pang-grupong gawain sa isang maayos, ligtas, at kalugod-lugod na kapaligiran. Pra sa anumang katanungang, huwag mag-atubiling magtanong sa iyong guro o kahit sino sa kaibigan mo sa paaralan.

○Oras ng Pagdating at Ruta ng Paaralan

- Kailangan nasa paaralan na kayo ng (:)
- Upabng matiyak ang kaligtasan ng mga estudyante, tinitukoy ng bawat paaralan ang pinakaligtas na ruta sa paaralan. Tinatawag itong *tsuugaku ro* (mga ruta ng paaralan).
- Paglalakad ang pangunahing paraan ng pagpunta sa paaralan. Gayunpaman, may mga paaralang may mga school bus.
- Sa ilang paaralang elementarya, nagtitipon-tipon ang mga estudyante at sumasakay papuntang paaralan nang makakagrupo.
- Depende sa paaralan, ang pagpasok gamit ang besekleta para sa mga junior high students ay pinahihintulutan.

○Pabatid ng Pagliban

- Kung ang estudyante ay hindi makapasok sa paaralan, kailangan direktang tawagan ng magulang/tagapag-alaga ang paaralan (:) sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan.
- TEL (-)
- FAX (-)
- Dagdag pa rito, isang ulat tungkol pagliban na nasa kanyang aklat na pagsusulatan ang dapat na isumete report, na maaaring iiabot ng isang kapit bahay na estudyante.

○Mga Bakasyon sa Paaralan

- Ang mga paaralan ay sarado tuwing Sabado at linggo at sa mga piyesta opisyal.
- Sa halip kapag ang mga mag-aaraal ay kailangang dumalo sa isang kaganapan sa paaralan sa araw ng piyesta opisyal, ang paaralan ay karaniwang magsasara sa isang regular na araw.
- Mga Aralin sa Sabado (*doyo jugyo*) Maaaring gaganapin sa Sabado nang walang kapalit na pagsara ng paaralan.

Pambansang Piyesta Opisyal

Enero 1 st : Bagong Taon	Ikatlong Lunes ng hulyo: Araw Dagat
Pangalawang lunes ng Enero: Darating na Edad	Agosto 11 th : Araw ng Bundok
Pebrero 11 th : Pambansang Pundasyon	Ikatlong Lunes ng Setyembre: Paggalang sa Edad
	Setyembre 23 rd : Autumnal Equinox

Marso 20 th : Vernal Equinox	Ika-2 ng Lunes. ng Oktubre:Araw ng Kalusugan
Abril 29 th : Showa Day	
Mayo 3 rd : Araw ng Konstitusyon	Ika-3 ng Nobyembre:Araw ng Kultura
Mayo 4 th : Araw ng Halaman	Nobyembre 23 rd : Labor Thanksgiving
Mayo 5 th : Araw ng Bata	Disyembre 23 rd : Emperor's Birthday

* Kung ang pambansang piyesta opisyal ay pumatak ng lingo, magiging kapalit ang lunes bilang piyesta.

○Mahabang bakasyon

- Bakasyon sa Tag-Aaraw Hulyo hanggang Agosto _____
- Bakasyon sa Taglagas Oktubre hanggang Oktubre _____
- Bakasyon sa Taglamig Disyembre hanggang Enero _____
- Bakasyon sa Tgasibol Marso hanggang Abril _____

○Pansamantalang paghinto sa Pagpasok

–Kung ang isang estudyante ay nakitang may sakit na nakakahawatulad ng trangkaso, tigdang, rubella, biki, bulutong-tubig, atbp., Kinakailangan siyang manatili sa bahay hanggang sa pahintulutan ng doctor na siya ay muli ng pumasok.

○Kalusugan at Kaligtasan

- Nagsasagawa ang paaralan ng mga regular na pagsusuri sa kalusugan.
- Pakiusap abisuhan ang isang guro sa kaganapan ng isang sakit o pinsala sa paaralan. Ang mga estudyante maaaring dalhin sa tanggapan ng nars upang malapatan ng pangunahing lunas o makapagpahinga.
- Ang panukalang kabayaran na itinakda ng Japan Sport Council ay nagbibigay ng tulong kung sakaling may maaksidente o masugatan sa paaralan. Gayunpaman, ang mga magulang ay kailangang magbayad ng isang bahagi ng mga bayarin para sa tulong na ito (tantiya. 400 yen).

○Iba pang mga bagay-bagay na may kinalaman sa paaralan

- Sa mga oras ng pasukan, hindi makakalabas ang mga estudyante sa paaralan kung walang pahintulot ng isang guro.
- Kailangang magpalit ng panloob na sapatos ang mga estudyante kapag pumapasok sa gusali ng paaralan. Sa ilang mga paaralan kailangan ring magpalit ng ibang sapatos kapag pumapasok sa gymnasium.
- Mangyaring iwasan ang pagdadala ng hindi kinakailangang pera, mahahalagang bagay, o hindi kailangang mga pag-aari sa paaralan.
- Mangyaring isulat ang iyong pangalan sa iyong mga gamit.
- Ang ilang mga paaralan ay maaaring may mga patakaran sa pananamit at istilo ng buhok.

○Kung ano ang mga kailanganin mo sa paaralan:

- Ang mga ay ipagkakaloob nang libre sa paaralan.
- Ang mga sumusunod na materyales sa paaralan ay kailangang ihanda ng tagapag-alaga/magulang:

Bag: Isang bag pamasok na tinatawag na *randoseru*.
 Stationary: Lagyanan ng lapis, pambura, ruler, lapis, pulang lapis red, underlay sheet para sa pagsulat (*shitajiki*), krayola, mga lapis na may kulay,

gunting, pandikit, atbp.

Mga aytem sa tanghalian ng paaralan: Surgical mask at bag,
chopsticks, lagyanan chopsticks, atbp.

Kasuotang Pang-PE: Unipormeng pang-gym, sumbrero, sapatos
na pang gym at bag.

**Iba-iba ang unipormeng pang-gym sa bawat
paaralan, maaring mag-tanong kung alin ang dapat
ninyong kunin.*

Iba pang mga Gamit : Name badge, basahan (*zoukin*), panyo , tisysu,
atbp.

**Tiyakin lamang kung may pangalan ninyo ang inyong mga gamt.*

10 Pagsimula sa Paaralan (Paaralang Elementarya)

Maligayang pagdating sa _____ Paaralang Elementarya. Upang masimulan na ang pag-aaral ninyo sa paaralang ito, kailangang malaman ninyo ang mga sumusunod. (Ang may-katuturag impormasyon ay alin man sa binilugan o may tsek Relevant.)

(1) Pagpasok at Pag-uwi mula sa Paaralan

① Pagpasok sa Paaralan

- Tuwing umaga , tatagpuin mo ang grupong kasama mo sa pagpasok sa itinalagang lugar at oras upang sabay-sabay kayong pumasok sa paaralan.
 - Ang grupong kasama mo sa pagpasok ay
 - Magkiki-kita kayo sa ganap na:.....ng umaga
 - Magkikita-kita sa
 - Ang lider ng inyong grup ay si
 - Di kalaunan ay kakatawagan ka tungkol sa inyong grupo .
- Kailangang alamin ng mga estudyante ang kanya-kanyang paraan ng pagtungo sa paaralan.
 - Mangyari lamang na pumasok sa paaralan:.....ng umaga.
- Ang mga estudyante ay sasakay sa paaralang bus papuntan sa eskuwelahan.

② Pag-uwi mula sa Paaralan

- Araw-araw , uuwi kang mag-isa.
- Mula hanggang, uuwi kang mag-isa.
 - Tuwings, uuwi kang kasama ang grupo mo.
 - * Iba-ibang oras natatapos ang klase sa bawat paaralan. *Pkilagyan ng tsek ang talaorasan ng inyong paaralan pati na ang talaan .*
- Uuwi ka ng bahay na nakasakay sa pampaaralang bus

③ Upang matiyak ang kaligtasan ng mga estudyante, kailangan bumiyaha ka sa mga itinalagang dadaanang lugar o ruta .

(2) Itinalagang Klase at Guro

Ang iyong klase ay Grado (*nen*) Klase (*kumi*).

Ang homeroom teacher mo ay si

(3) Ano ang Isusuot at Dadalhin

① Ano ang isusuot

- a. Damit: Libre Uniporme ng Paaralan Itinakdang Uniporme kapag papasok ang mga estudyante ay kailangang magsuot ng Kalitasan na Sinturon (light reflector) kapag uuwi na.
- b. Isuot ang name badge. Mabibili mo ang name badge sa
- c. Mga damit sa (PE):
 - School Gym Suit (Jersey [taas at baba] Maikling-manggas na shirt at shorts Sumbbrero [.....kulay] Sapatos na Pang-Gym Sapatos na pang-isport)
 - Walang itinalagang PE uniform
 - (maari mong gamitin ang iyong nakaraang mga unipormeng PE sa paaralan.)

d. Sapatos na panloob o Indoor Shoes

Sapatos na Panloob: Libre Itinakdang Sapatos Pampaaralan

e. Damit Panglangoy

Ang pag-aaral ng paglangoy ay magsisimula sa Hunyo .

Kakailanganin momng damit panglangoy (Itinakda Libre) at gorang panglangoy (Itinakda Libre).

f. Uniporme, Gym Suit, sapatos na panloob , Sapatos na Pang-Gym, Damit panglangoy, at

Gorang Pnglangoy, ay mabibili sa sumusunod na tindahan.

Pangalan ng Tindahan	Telepono

② Mga Bagay na Dapat Dalhin sa Paaralan

A Mangyaring ilagay sa bag ang mga gamit ninyong pang-eskwela (Itinakda School Satchel [*randoseru*] Libre).

d. Iba pang mga materyales na kakailanganin mo ay ang mga sumusunod (**A** Mga gamit na dapat mong ihanda sa bahay at **B** Mga gamit na dapat mong bibilhin sa paaralan at saka na babayaran).

b. Ang mga Aklat pampaaralan ay binibigay ng paaralan ng libre .

c. Sasabihin ng inyong homeroom teacher kung anong notebook ang dapat na dadalhin.

- | | | | | | |
|--------------------------|--------------------------|---|--------------------------|--------------------------|----------------------|
| A | B | Item Name | A | B | Item Name |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Memo Book Case | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Fire Protection Hood |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Correspondence Book | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Drawer Box |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Pencil (5 pencils of HB or 2B) | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Floor Cloth () |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Colored Pencils | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Traingular Bandage |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Pastel Crayons 20col. (no <i>Koopii</i>) | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Lunch Cap |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Eraser | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Chopsticks |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Pencil Case | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Chopsticks Box |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Underlay Sheet for Writing (<i>shitajiki</i>) | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Chopstick Bag |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Scissors | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Surgical Mask |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Glue | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Mask Bag |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Blank Notebook | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Toothbrush |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Ruler | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Cup |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Paint Set | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Cup Bag |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Calligraphy Set | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Gym Suit Bag |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Arithmetic Set (exercises) | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Craft Work Bag |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Sewing Kit | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Bath Towel |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Clay & Clay Board | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Thermos |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Carving Knife | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Shoe Bag |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Keyboard (<i>kenban</i>) Harmonica | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | |
| <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | Recorder (music instrument) | <input type="checkbox"/> | <input type="checkbox"/> | |

* *Pkisulatan ng pangalan ang inyong mga gamit.*

* *Huwag magdala ng pera, mamahaling gamit, o ano pa mang hindi naman kailangang personal na gamit sa paaralan (gaya ng relo, video games, cellular phones, komiks, magasin, kard, board games, kendi, at).*

(4)Tanghalian sa Paaralan

Ang tanghalian sa paaralan ay ibinibigay mula Lunes hanggang Biyernes.

Mangangailangan kayo ng: Chopsticks Kutsara Sepilyo Surgical mask
Mask bag Tasa Lalagyan ng Tasa Toiletries bag

Ang halaga nito ay _____yen bawat buwan.

Pakibayaran ng cash .

ang bayad ay awtomatikong kukunin sa inyong account.

* *Pakisabi sa inyong homeroom teacher kung hindi ka pwedeng kumain ng ilang uri ng pagkain dahil sa alerdyi odahil sa iyong relehiyon.*

(5) Paglilinis ng Paaralan

Naglilinis ang mga estudyante ng paaralan araw-araw.

Ang mga basahan ay ginagamit at pagkatapos ay kinukulekta sa: Simula ng pasukan

Simula ng _____termino

(6) Pagbabayad ng mga Bayarin sa Paaralan

Hiwalay na sasabihin sa inyo ang kabuoang bayarin na dapat bayaran. (hal. mga gamit sa pagtuturo, mga gawain ng klase, tanghalian sa paaralan, pagiging miyembro ng PTA, atbp.)

(7) Mga Dokumentong Dapat Mong Isumite

Pormularyo sa Detalye ng Buong Pamilya (*Katei Kankyou Hyou*)

Emergency Contact Card: Kung sakaling magkaroon ng aksidente o may magkasakit, mahalagang makontak kaagad ang magulang/tagapag-alaga. Mangyari lamang tiyakin na ang mga numerong madaling matatawagan ay nakasulat ng maayos. Pakilagyan lamang ng tsek ang hanay para sa seguro kung ang estudyante ay nakaseguro.

Pormularyo para sa kahilingang awtomatikong Pagbabawas:

Mangyaring punan ang pormularyo para sa kahilingang awtomatikong Pagbabawas kung gusto mong bigyan ng pahintulot na ang mga pagbabayad sa paaralan ay dumaan sa awtomatikong paglilipat.

(8) Edukasyon pang-Elementarya

Ang sumusunod na mga listahan ay nagpapakita ng kurikulum sa elementarya:

Una at Palawang Grado:

Japanese, Aritmetika, Practical Studies, PE, Musika, Sining at kakayahan, Etika, at Mga Gawain sa klase.

Ika-3 Grado:

Japanese, Aritmetika, Araling Panlipunan, Agham, PE, Musika, Sining at kakayahan, Etika, Mga gawain sa silid-aralan, at Panahon para sa Pang-malawakang Kaalaman.

Ika-4 na Grado:

Japanese, Aritmetika, Araling Panlipunan, Agham, PE, Musika, Sining at Kakayahan, Etika, Mga Gawain sa klase, Kapisanan, Kapulungan ng mga Mag-aaral at mga Gawain ng komite, at Panahon para sa Pang-malawakang Kaalaman.

Ika-5 at Ika- 6 na Grado:

